# Cordillera People's Democratic Front

## Praymer
## Oplan Kapanatagan at NTF-ELCAC:
## Pambubulabog at pandarambong ng Estado sa mamamayan

### Cordillera People's Democratic Front – Mt. Province

Sa paglala ng krisis sa ekonomya at pag-igting ng todo-gera ng rehimeng US-Duterte laban sa mamamayan, higit na mababaon sa paghihirap ang buhay ng mga magsasaka at pambansang minorya ng Mt. Province at Cordillera.

Ngayong 2019, panibagong kampanya ng pasismo ang iniaarangkada ng rehimen at ng armadong pwersa nito sa ilalim ng Oplan Kapanatagan at ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict o NTF-ELCAC.

**1. Ano ang Oplan Kapanatagan?**
Ang Oplan Kapanatagan ay ang panibagong kampanyang kontra-insurhensya ng Armed Forces of the Philippines o AFP at Philippine National Police o PNP, na ipinalit ng rehimeng US-Duterte sa nabigong Oplan Kapayapaan.

**2. Ano ang layunin ng Oplan Kapanatagan?**
Katulad ng mga nakaraang "oplan" o kampanyang kontra-insurhensya ng reaksyunaryong Estado, nilalayon ng Oplan Kapanatagan na puksain ang paglaban ng masang api, na siyang kinakatawan ng pambansa-demokratikong rebolusyon na pinamumunuan ng Communist Party of the Philippines-New People's Army-National Democratic Front of the Philippines o CPP-NPA-NDF.

Sa esensya, ang Oplan Kapanatagan ay kampanyang panunupil ng pulis at militar upang patahimikin at pasunurin ang mamamayan sa mga dikta ng reaksyunaryong Estado.

Sa ilalim nito, higit pang paiigtingin ang papel ng pulis at militar bilang protektor ng mga panginoong maylupa, bayarang tropa ng mga kurakot na opisyal sa gubyerno, at security force ng mga malalaki at dayuhang kapitalista at kumpanya.

Nitong Setyembre, nagkaisa na ang AFP Northern Luzon Command (NOLCOM), PNP Cordillera (PROCOR), PNP Ilocos (PRO 1), at PNP Special Action Forces (SAF) sa pagpapatupad ng Oplan Kapanatagan Cordillera-Ilocos Alpha sa rehiyon.

**3. Ano ang NTF-ELCAC?**
Sa inilabas niyang Executive Order No. 70, iniutos ni Rodrigo Duterte ang pagbubuo sa National

Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) pagkatapos mabigo ang kanyang Oplan Kapayapaan na puksain ang NPA at ang rebolusyonaryong kilusan na pinamumunuan ng CPP.

Sa pagbabandila ng pamamaraang "whole-of-nation", iniatas din ni Duterte ang pagbuo ng nasabing task force sa antas rehiyon, prubinsya, munisipyo, at barangay.

Binuo noong Hulyo ang RTF-ELCAC sa Cordillera, at ngayong Setyembre ang PTF-ELCAC sa Mt. Province. Nakatakdang buuin ang mga municipal at barangay task force sa huling tatlong buwan ng taon.

**4. Ano ang pamamaraang "whole-of-nation"?**
Ang "whole-of-nation approach" ay isang lahatang-panig na opensiba ng Estado, kung saan ipapailalim sa kontrol ng AFP at PNP ang buong aparato ng Estado ("whole-of-government") at maging ang mga elemento ng pribadong sektor laban sa makatarungang pakikibaka ng mamamayan.

Sa pagtatatag ng NTF-ELCAC, tuluyan nang in-"institutionalize", o binigyang-katwiran at pangalan sa batas ang pamamaraang whole-of-nation ng AFP at PNP sa kanilang pasistang kampanyang kontra-insurhensya.

**5. Paano ginagamit ng AFP at PNP ang pamamaraang "whole-of-nation"?**
Sa pamamagitan ng NTF-ELCAC, nagtayo si Duterte ng isang buong makinarya kung saan naitipon ang AFP at PNP sa 12 iba't ibang "cluster" ng mga ahensya ng gubyerno.

Ang pamumuno at presensya ng pulis at militar sa bawat cluster ay pagsisigurado na ang mga programa ng mga nasabing ahensya ay nakaangkla sa pasistang kampanyang kontra-insurhensiya.

Isang halimbawa ang pamemresyur ng AFP at PNP sa mga lokal na gubyerno na ideklarang "persona non grata" ang CPP-NPA sa pag-aakalang madudungisan at maihihiwalay nito ang armadong rebolusyonaryong kilusan.

**6. Ano ang dapat asahan ng mamamayan sa Oplan Kapanatagan at NTF-ELCAC?**
Una nang ginamit ang pamamaraang whole-of-nation ng rehimeng Aquino 2 sa Oplan Bayanihan at ng rehimeng Duterte sa Oplan Kapayapaan. Kapwa nabigo ang mga ito sa kabila ng mga malawakang operasyong kombat, mapanlinlang na civil-military operations, kampanyang redtagging at pagpapasurender, at taktikang saywar o psychological warfare.

Ngayong Setyembre, naglunsad ang AFP NOLCOM ng malawakang operasyong militar sa iba't ibang bahagi ng Cordillera at Ilocos, kabilang ang Mt. Province. Dagdag pa rito ang kabi-kabila nang pambubulabog ng pulis at militar:

- ★ **Disimpormasyon, paniniktik, at saywar:** Halimbawa ang pagpapakalat ng balita na nagtatanim ng mga land mine ang NPA sa kabundukan ng Bauko, Tadian, at Sagada.
- ★ **Harassment at paglabag sa karapatang-tao:** Halimbawa ang panghihimasok sa mga tahanan upang "kunin ang imbak na armas ng NPA" sa mga komunidad ng Besao.
- ★ **Pananakot at presyur sa pulong masa:** Halimbawa ang pwersahang pagpapapirma sa mga memorandum of agreement at mga deklarasyong "persona non grata".
- ★ **Mapanlinlang na operasyong militar**: Halimbawa ang "manhunt" para sa suspek sa pagpatay sa tatlong y-Agawa, mga seminar at symposium ukol sa gera kontra droga, "delivery of

services", "relief and rehabilitation", atbp.

- ★ **Pagtatayo ng detachment** (Kin-iway) **at pagkakampo sa loob ng mga komunidad** ng Besao (Catengan, Laylaya, Tamboan) at Sagada (Aguid), na paglabag sa Comprehensive Agreement on the Respect for Human Rights and International Humanitarian Law o CARHRIHL.

Kapansin-pansin ang pagtindi ng militarisasyon sa mga komunidad sa panahon ng mga pulong-pagbubuo ng provincial, municipal, at barangay TF-ELCAC.

**7. Bakit dapat ilantad at labanan ang Oplan Kapanatagan at NTF-ELCAC?**
Hindi "kapanatagan" kundi pambubulabog at pandarambong ang dulot ng Oplan Kapanatagan.

Hindi wawakasan ng NTF-ELCAC ang armadong paglaban sa Pilipinas dahil hindi nito tinutugunan ang mga ugat ng kahirapan at pakikibaka.

Ang tunay na layunin ng Oplan Kapanatagan at NTF-ELCAC ay upang mahawan ang daan para sa pagpasok ng mga dayuhan at mapanirang proyekto sa enerhiya, logging, at minas.

Samaktwid, hindi lamang ito pagsasawalang-bahala sa mga pangangailangang sosyoekonomiko ng mamamayan ng Mt. Province. Ito ay pagtapak sa karapatan ng pambansang minorya sa lupang ninuno at sariling pagpapasya.

**8. Ano ang mga proyektong binibigyang-daan ng Oplan Kapanatagan at mga TF-ELCAC sa Mt. Province?**

- ★ BIMAKA Renewable Energy Development Corp. o **BREDCO** kasama ang Royal HaskoningDHV (Netherlands): Pagtatayo ng 15-megawatt hydropower project (apat na power plant) sa Besao, kung saan apektado ang lupang ninuno at katubigan ng 10 sa 14 barangay.
- ★ Hydroelectric Development Corp. o **HEDCOR** ng SN Aboitiz (Norway): Pagpapatakbo ng 14-MW hydropower plant na sumisira sa katubigan ng Bauko at Sabangan.
- ★ **Chico River Pump Irrigation Projec**t ng CAMC Engineering (Tsina): Pagtatayo ng maliliit na dam na sumisira sa lupang ninuno ng Kalinga.
- ★ Aragorn Power and Energy Corporation ng pamilyang Sy at **Chevron** (US): Pagtatayo ng dambuhalang geothermal power plant na sumisira sa lupang ninuno ng Bontoc at Sadanga, at sa Kalinga.
- ★ Cordillera Exploration Co. Inc. o **CEXCI** at Nickel Asia (Japan): Aplikasyon para sa malawakang pagmimina sa Bauko, Besao, Sabangan, Sadanga, Sagada, at Tadian, at sa Abra, Benguet, Ifugao, at Ilocos Sur.

**9. Makikinabang ba ang mamamayan sa Oplan Kapanatagan at NTF-ELCAC?**
Hindi. Bukod sa pinsalang dulot ng mga nasabing proyekto, wala ring ibang makikinabang sa Oplan Kapanatagan at NTF-ELCAC kundi ang mga kurap na opisyal ng AFP-PNP at ang mga pinaglilingkuran nilang naghaharing uri.

- ★ **Gastos sa operasyong militar: H**igit pang nadagdagan ang allocation para sa todo-gera sa pambansang badyet ng 2020. Ayon sa mga ulat sa mga eryang binuhusan ng focused military operations, umaabot sa P681,700 ang nagagastos ng AFP sa isang oras na pagpapalipad ng Huey helicopter, habang hindi bababa sa P181,200 ang gastos sa isang oras na pagpapalipad ng medium altitude drone. Imbes na mapunta sa agrikultura,

industriya, at social services, ang bilyon-bilyong nakukulekta mula sa buwis ay naitatapon para sa araw-araw na pagpapalipad ng mga helicopter at drone.

★ **Kurapsyon sa burukrasya:** Sa pambansang badyet ng 2020, naglaan din ng dagdag na P522-bilyon para sa pagpapatakbo ng makinarya ng NTF-ELCAC, mga bagong pusisyon sa loob nito, at mga kampanyang panunupil na ilulunsad sa ilalim nito. **Kurapsyon sa E-CLIP:** Kahit ang mga sibilyan at aktibistang masa ay pwersahang pinapasuko bilang "NPA surrenderee" dahil sa ganansyang makukuha ng mga opisyal ng militar sa Enhanced Comprehensive Local Integration Program o E-CLIP. Pinapangakuan ang mga ito ng umaabot sa P65,000, ngunit mula P2,000 hanggang P5,000 lamang ang nakukuha ng mga "surrenderee". Kung kaya hindi na kabigla-bigla ang pagpaparada ng mga opisyal ng AFP sa mga dati nang surrenderee ("recycling") o maski mga payaso at sarili nilang kabaro upang makakuha lamang ng "kickback".

★ **Barya-baryang tulong mula sa mga repormistang programa:** Sa pag-aakalang "kakulangan sa serbisyo at kagamitan" lamang ang ugat ng armadong paglaban sa probinsya, nagbibigay-limos ang reaksyunaryong gubyerno sa mga barangay na tinukoy nitong "naimpluwensyahan" ng CPP-NPA-NDF. Nagpamudmod ang mga ahente ng Estado ng mga kagamitan sa pagsasaka at alagang hayop, habang isinasawalang-bahala ang panawagan para sa libreng irigasyon, tunay na reporma sa lupa, at karapatan sa sariling pagpapasya.

**10. Ano ang dapat gawin ng mamamayan sa harap ng Oplan Kapanatagan at NTF-ELCAC?**

★ Labanan ang lahat ng klase ng paglabag sa karapatang-tao. Halimbawa, sa kasong redtagging, magsampa ng petisyon ng Writ of Amparo.

★ Magtalaga ng Human Rights point person sa loob ng inyong organisasyon o inyong lugar na siyang mamamahala sa pagtatala at pag-uulat sa mga kaso ng paglabag.

★ Alamin at igiit ang mga batayang karapatang-tao. Halimbawa, hindi pwedeng basta-basta ang paghahalughog at/o pag-aresto ng mga militar at pulis sa mga sibilyan nang walang search o arrest warrant.

★ Buuin ang malawak na organisasyong tumututol sa oplan kapanatagan at sa mga mapandambong na proyektong binibigyang daan nito.

★ Makipagsanib lakas sa iba't ibang sektor para rito: mga guro, taong simbahan, maliliit na negosyante, brgy council, etc.

★ Paramihin ang praymer na ito at ipamahagi. Mainam na maglunsad ng mga talakayan hinggil dito.

★ Ipagbigay alam sa mga yunit ng Hukbo na kumikilos sa erya ang mga aktibidad ng AFP/PNP.

★ Palayasin sa mga barangay ang mga tropa ng militar at pulis.

★ Huwag magpaloko sa mga nagpapanggap na NPA. Kilalaning mabuti.

★ Huwag magpalinlang sa kampanyang amnestiya, pagpapaclear o pagpapasurender.

Kailanman at anupamang oplan o task force ang ilunsad ng reaksyunaryong Estado, walang tunay na pagbabago sa buhay ng mga magsasaka, pambansang minorya, at masang api hangga't hindi nalulutas ang mga ugat ng kahirapan - ang imperyalismo, pyudalismo, at burukrata-kapitalismo.

**Biguin ang pambubulabog at pandarambong ng Oplan Kapanatagan!**
**Ilantad at labanan ang mapanupil na NTF-ELCAC!**
**Patalsikin ang pasistang rehimeng US-Duterte!**
**Isulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba!**
**Kaigorotan, lumaban!**